



NOBYEMBRE 5: Pangkalahatang Halalan

**Magparehistro para bumoto Oktubre 21
Pagpaparehistro ng Botante
na may Kondisyon..... Oktubre 22-Nobyembre 5
Ibalik ang balota para sa pagboto
sa pamamagitan ng mail.....Nobyembre 5**

Dapat naka-postmark ang mga balota para sa pagboto sa pamamagitan ng mail sa o bago sumapit ang Nobyembre 5, 2024, at natanggap ng mga tanggapan ng mga halalan ng county nang hindi lalampas sa Nobyembre 12, 2024.

Paano ako makapagparehistro para makaboto?

Para makapagparehistro para makaboto sa California, dapat ikaw ay:

- Isang mamamayan ng Estados Unidos at residente ng California;
- 18 taong gulang pataas sa Araw ng Halalan;
- Kasalukuyang hindi nakakulong sa pang-estado o pederal na bilangguan dulot ng nahatulan ng felony; at
- Kasalukuyang hindi nakikitaan ng walang kakayahan sa pag-iisip para bumoto ayon sa korte.

Kung kwalipikado ka, maaari kang magparehistro para makaboto o i-update ang iyong pagpaparehistro online sa registertovote.ca.gov. Kung gusto mong magsagot ng pisikal na form, matatagpuan sa mga tanggapan ng liham at aklatan ang mga aplikasyon sa pagpaparehistro ng botante.

Dapat kang muling magparehistro para bumoto kung lilipat ka ng tirahan, babaguhin ang iyong pangalan o ang iyong kagustuhan sa partidong pampulitika.

Maaari ba akong paunang magparehistro para makaboto sa California?

Oo, para paunang magparehistro para makaboto sa California, kailangan mong:

- Maging 16 o 17 taong gulang; at
- Matugunan ang lahat ng iba pang kinakailangan sa pagiging kwalipikado para makaboto. Pagkatapos ng paunang pagpaparehistro, awtomatiko kang

marerehistro para makaboto sa iyong ika-18 kaarawan Pumunta sa registertovote.ca.gov para paunang magparehistro para makaboto.

Paano kung nakaligtaan ko ang takdang petsa ng pagpaparehistro ng botante?

Kung nakaligtaan mo ang takdang petsa ng pagpaparehistro para makaboto nang 14 na araw bago ang halalan, maaari ka pa ring pumunta sa

tanggapan ng mga halalan ng iyong county, sentro ng pagboto, o lugar ng botohan sa o bago ang Araw ng Halalan para kompletuhin ang proseso ng pagpaparehistro ng botante na may kondisyon (madalas na tinutukoy bilang "Parehong Araw ng Pagpaparehistro ng Botante"). Kailangan mong sagutan ang card sa pagpaparehistro ng botante at bibigyan ka ng balota. Kapag na-verify na ng mga opisyal ng halalan ng county ang iyong pagpaparehistro bilang botante, mabibilang ang iyong boto. Makipag-ugnayan sa tanggapan ng mga halalan ng iyong county para sa higit pang impormasyon o bisitahin ang vote.ca.gov.

Paano kung kailangan kong suriin ang aking katayuan sa pagpaparehistro ng botante?

Para suriin ang iyong katayuan sa pagpaparehistro ng botante - kabilang ang partidong pampulitika - maaari mong gamitin ang tool na "My Voter Status" (Ang Aking Katayuan sa Pagiging Botante) sa voterstatus.sos.ca.gov. Maaari mo ring tawagan ang aming Hotline ng Botante sa (800) 345-VOTE (8683) para sa iyong katayuan.

Kailan ko matatanggap ang aking balota?

Magpapadala ang mga opisyal ng halalan ng county ng mga balota sa pagboto sa pamamagitan ng mail sa lahat ng aktibong rehistradong botante para sa bawat halalan kung nakarehistro sila bago ang takdang petsa ng pagpaparehistro ng botante. Ngayong Oktubre 7, 2024, ang huling araw para sa mga county para simulan ang pagpapadala ng mga balota para sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 5, 2024.

Paano kung kailangan ko ng kapalit na balota?

Kung hindi mo natanggap ang iyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng mail, o nawala o nasira mo ang iyong orihinal na balota, maaari kang mag-apply para sa isang kapalit na balota. Tanging ang nakarehistrong botante mismo ang maaaring humiling ng kapalit na balota. Matatagpuan ang aplikasyon sa kapalit na balota sa <https://elections.cdn.sos.ca.gov/vote-by-mail/pdf/replacement-application.pdf>.

Kailangang ibalik ang aplikasyong ito sa iyong lokal na tanggapan ng mga halalan ng county. Maaari ka ring humiling ng kapalit na balota mula sa tanggapan ng mga halalan ng iyong county sa pamamagitan ng telepono, email, fax, o iba pang elektronikong paraan.

Kailan ko matatanggap ang aking Gabay sa Impormasyon ng Botante ng Estado?

Makakatanggap ang mga rehistradong botante, sa pamamagitan ng mail, ng kanilang Gabay sa Impormasyon ng Botante ng estado mula sa tanggapan ng Kalihim ng Estado ilang linggo

bago ang Araw ng Halalan. Makukuha rin online ang Gabay sa Impormasyon ng Botante ng estado [voterguide.sos.ca.gov](https://www.voterguide.sos.ca.gov). Makakatanggap ka rin ng Gabay sa Impormasyon ng Botante ng lalawigan na magsasama ng impormasyon tungkol sa mga lokal na paligsahan, kung paano at saan bumoto, at isang sample na balota. Ipadadala ang mga ito sa mail ng iyong lokal na tanggapan ng mga halalan ng county. Maaari kang makipag-ugnayan sa iyong [tanggapan ng mga halalan ng county](#) para humiling ng Gabay sa Impormasyon ng Botante ng county o para malaman ang higit pa tungkol sa impormasyon ng lokal na halalan.

Paano kung kailangan ko ang aking gabay sa impormasyon ng botante ng estado sa ibang wika o alternatibong format?

Available ang gabay sa impormasyon ng botante sa buong estado sa 10 wika. Available rin ang mga audio at malalaking titik na bersyon ng gabay para sa mga botanteng bulag o may kapansanan sa paningin. Bumisita sa [voterguide.sos.ca.gov](https://www.voterguide.sos.ca.gov) para mag-order ng libreng kopya.

Paano ko ibabalik ang aking balota sa pagboto sa pamamagitan ng mail?

Maaari mong ibalik ang iyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng mail sa pamamagitan ng:

- Pagpapadala nito sa opisyal ng mga halalan ng iyong county. Dapat naka-postmark ang iyong balota sa o bago ang Araw ng Halalan at natanggap ito ng tanggapan ng mga halalan ng iyong county nang hindi lalampas sa 7 araw pagkatapos ng Araw ng Halalan;
- Paghulog ng iyong balota sa isa sa mga drop box ng balota ng iyong county, o sa [lokasyon ng pag-drop off ng balota](#), o lokasyon ng botohan saanman sa estado; o
- Paghiling sa isang taong pinagkakatiwalaan mong ibalik ang iyong balota para sa iyo, hangga't hindi sila binabayaran sa bawat balota.

Paano ko masubaybayan ang aking balota para malaman kung natanggap na ito?

Maaaring makatanggap ng mga abiso ang mga botante tungkol sa katayuan ng kanilang balota sa pagboto sa pamamagitan ng mail, sa pag-sign up para sa tool na "Where's My Ballot" (Nasaan Ang Aking Balota). Mag-sign up sa [wheresmyballot.sos.ca.gov](https://www.wheresmyballot.sos.ca.gov) para makatanggap ng mga awtomatikong update sa katayuan ng iyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng mail, sa pamamagitan ng mensahe sa text (SMS), email, o voice call.

Paano ko malalaman kung nabilang na ang aking balota?

Maaari kang pumunta sa "My Voter Status" (Ang Aking Katayuan sa Pagiging Botante) para malaman kung nabilang na ang iyong boto at kung hindi, bakit hindi sa [voterstatus.sos.ca.gov](https://www.voterstatus.sos.ca.gov).

Paano ko mahahanap ang aking lugar ng botohan, sentro ng pagboto, o isang drop box?

- Bisitahin ang [caearlyvoting.sos.ca.gov](https://www.caearlyvoting.sos.ca.gov) para makita ang pinakamalapit na lokasyon ng drop box
- Makipag-ugnayan sa [tanggapan ng mga halalan ng iyong county](#)
- Tawagan ang Hotline ng Botante ng Kalihim ng Estado sa - (800) 345-VOTE (8683) o bisitahin ang [voterstatus.sos.ca.gov](https://www.voterstatus.sos.ca.gov)

Maaari mo ring suriin sa tanggapan ng mga halalan ng iyong county para sa na-update na impormasyon sa iyong lugar ng botohan, mga sentro ng pagboto, o mga lokasyon ng drop-off ng balota.

Gaano ako kaaga makakaboto?

Maaaring mag-alok ang iyong county ng mga lokasyon ng maagang pagboto bago ang Araw ng Halalan. Para sa listahan, pumunta sa [caearlyvoting.sos.ca.gov](https://www.caearlyvoting.sos.ca.gov). Ngayong Oktubre 7, 2024, ang huling araw para sa mga county para simulan ang pagpapadala ng mga balota para sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 5, 2024. Para matiyak na mabibilang ang iyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng mail, dapat itong naka-postmark sa o bago ang Araw ng Halalan at matanggap ng tanggapan ng mga halalan ng iyong county nang hindi lalampas sa 7 araw pagkatapos ng Araw ng Halalan.

Secure ba ang boto ko?

Oo, lumampas ang California sa mga pederal na kinakailangan para sa seguridad sa halalan. Dapat ilagay ang bawat boto sa papel na balota o magkaroon ng naberepikang trail ng pag-audit ng papael ng botante. Dapat sertipikado ang kagamitan sa pagboto na ginamit sa pagboto at pagbilang ng mga balota para sa paggamit sa California at panatilihiing offline. Nagsasagawa ang mga opisyal ng halalan ng mga pag-audit pagkatapos ng halalan, kabilang ang manual na pag-tally ng sample ng mga balota, pagkatapos ng bawat halalan para matiyak ang katumpakan at integridad ng bilang ng boto. Makakahanap ang mga botante ng opisyal na pinagkakatiwalaang impormasyon sa halalan pati na rin ang matuto nang higit pa tungkol sa aming mga pananggalang sa seguridad sa halalan, at mga pagsisikap sa cybersecurity sa [sos.ca.gov/elections/election-cybersecurity](https://www.sos.ca.gov/elections/election-cybersecurity).

Paano ako makakakuha ng up-to-the-minute na mga resulta ng halalan?

- Matatagpuan ang mga bilang ng boto sa halalan sa buong estado sa [electionresults.sos.ca.gov](https://www.electionresults.sos.ca.gov)
- I-follow kami sa X @CASOSvote



[registertovote.ca.gov](https://www.registertovote.ca.gov)